

Abril 20, 2026

*Mahalagang paunawa mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkaunlaran
(Department of Developmental Services) tungkol sa:*

TAUNANG PAGSISIYASAT NG ADMINISTRATIBO PARA SA TAONG PISKAL 2024-2025

D-2026-Mga Kinakailangan sa Pag-uulat-003

Ano ang Dapat Malaman

Tumatanggap ang California ng pederal na pondo para sa ilang partikular na serbisyong administratibo na ginagawa ng mga sentrong pangrehiyon. Ipinapaliwanag ng direktiba na ito kung anong mga datos ang kailangang ipadala ng mga sentrong pangrehiyon sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Kagawaran).

Ang pagsisiyasat ay nangongolekta ng datos para sa Taong Piskal 2024-2025. Gagamitin ng Kagawaran ang datos na ibinibigay ng mga sentrong pangrehiyon upang humiling ng mga pederal na pondo.

Ano ang Magbabago

Walang magbabago para sa mga indibidwal at pamilyang tumatanggap ng mga serbisyo. Ang direktiba na ito ay nagbibigay ng mga tagubilin sa sentrong pangrehiyon kung paano kumpletuhin ang pagsisiyasat.

May mga tanong?

Maaaring magpadala ng mga tanong ang mga sentrong pangrehiyon sa pangkat ng Waiver and State Plan Amendment Administration sa Federal.Programs@dds.ca.gov.

